**KABISAAN NG PAGGAMIT NG IDEA LESSON EXEMPLAR SA INTERAKTIBONG PAGTUTURO**



**MARIE CRIS L. ABIERA**
TEACHER III
BIÑAN INTEGRATED NATIONAL HIGH SCHOOL

**ABSTRACT**

Ayon sa Deped Order no. 42, s 2016, kaugnay ng implementasyon ng Republic Act R.A 10533 o Enchanced Act. of 2013, ang Department of Education (DepEd) ay nagbigay ng memo kalakip ang mga panuntunan ukol sa Daily Lesson Prepation para sa K to 12 Basic Education Program. Sa pamamagitan ng Daily Lesson Log ay maituturo ang mahahalagang salik upang masiguro ang pagtuturo at pagkatuto sa paaralan. Ang gabay na ito ay naglalayong masuportahan ang mga guro na maisaayos at magkaroon ng kontrol sa kanilang klase at leksyon upang maging maayos ang paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Para naman sa panununtunan sa paghahanda ng PIVOT IDEA Lesson Exemplar na ayon sa Regional Order No. 10, s. 2020, re: PIVOT 4A Budget of Work in All Learning Areas in Key Stages 1-4. Sa pamamagitan ng IDEA Lesson Exemplar ay maituturo ang mahahalagang salik upang masiguro ang pagtuturo at pagkatuto sa paaralan. Ang gabay na ito ay naglalayong masuportahan ang mga guro na maisaayos at magkaroon ng kontrol sa kanilang klase at leksyon upang maging maayos ang paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa kabilang banda, may iba't ibang interaktibong gawain ang ginagamit bilang isang pamamaraan ngunit hindi pa lahat ay masasabing may magandang epekto sa mga mag-aaral sapagkat kinakailangan rin ng masusing pag-aaral na aangkop sa kakayahan ng mga mag-aaral. Malaking pagsubok ang pag-aangkop ng interaktibong gawain sa pagtuturo ng Filipino. Masasabing interaktibo ang isang gawain na may nagaganap na aktibong usapan. Sa silid-aralan sa asignaturang Filipino, ang mga interaktibong

gawain tulad ng pangkatang gawain ay sadyang nakakaapekto sa kanilang pagkatuto gayundin sa kanilang pakikisalamuha sa kanilang kamag-aral.

Sa kabilang banda, may iba't ibang interaktibong gawain ang ginagamit bilang isang pamamaraan ngunit hindi pa lahat ay masasabing may magandang epekto sa mga mag-aaral sapagkat kinakailangan din ng masusing pag-aaral na aangkop sa kakayahan ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay nakasentro sa Kabisaan ang paggamit ng IDEA Lesson Exemplar sa Interaktibong Pagtuturo ng mga guro sa asignaturang Filipino sa Biñan Integrated National High School.

Ang ginawang pananaliksik ay gumamit ng deskriptibong – korelasyonal na metodolohiya ng pananaliksik na naglalarawan ng klase ng problema, dahil ito ay mayroon na sa panahon ng pag-aaral at ugnayan ng paraan ng pananaliksik (Encarnacion 2018). Ito ay naglalayong matukoy ang Kabisaan ang paggamit ng IDEA Lesson Exemplar sa Interaktibong Pagtuturo ng mga guro sa asignaturang Filipino.

Sa pagsasaliksik napag-alamang na ang pinakitang resulta ay may weighted mean na 3.55 at may berbal na interpretasyon na ginagamit. Maliwanag lamang na naipakita sa resulta ng talatanungan na gumagamit ang mga guro ng iba't ibang estratehiya upang maganyak ang mga mag-aral sa kanilang paksang – aralin. Pinapakita rin nito na ang guro ay kumikilala ng kahalagahan ng paggamit ng iba't ibang mabibisang estratehiya sa pagtuturo upang matuto ang mga mag-aaral. Samantalang sa Kabisaan ng Paggamit ng IDEA Lesson Exemplar sa interaktibong Pagtuturo ng Asignaturang Filipino ay pinakitang resulta ay may weighted mean na 3.66 na may berbal na interpretasyon na mabisa. Samakatwid, mabisa ang paggamit ng IDEA lesson Exemplar sa pagtuturo ng Asignaturang Filipino.

May makabuluhang kaugnayan ang antas ng pagganap at kabisaan ng paggamit ng mga respondente sa IDEA Lesson Exemplar sa interaktibong pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang Pearson Correlation nito ay 0.071 ay mas maliit kaysa sa 0.01 na significance level. Ibig sabihin kapag mataas ang antas ng pagganap sa IDEA Lesson Exemplar ng mga respondent, mas mataas din ang kabisaan ng paggamit nito sa interaktibong pagtuturo ng asignaturang Filipino.

***Keywords***: *PIVOT IDEA Lesson Exemplar, Regional Order No. 10, s. 2020, re: PIVOT 4A Budget of Work in All Learning Areas in Key Stages 1-4.*

## INTRODUCTION

Sa makabagong kurikulum, maraming umusbong na pangangailangan tulad na lamang ng mabisang pagkatuto ng mag-aaral hindi lamang sa mga mag-aaral kundi maging sa mga guro. Ayon sa Deped Order no. 42, s 2016 at kay Encarnacion (2019), kaugnay ng implementasyon ng Republic Act R.A 10533 o Enchanced Act. of 2013, ang Department of Education (DepEd) ay nagbigay ng memo kalakip ang mga panuntunan ukol sa Daily Lesson Prepation para sa K to 12 Basic Education Program. Sa pamamagitan ng Daily Lesson Log ay maituturo ang mahahalagang salik upang masiguro ang pagtuturo at pagkatuto sa paaralan. Ang gabay na ito ay naglalayong masuportahan ang mga guro na maisaayos at magkaroon ng kontrol sa kanilang klase at leksyon upang maging maayos ang paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa kabilang banda, may iba't ibang interaktibong gawain ang ginagamit bilang isang pamamaraan ngunit hindi pa lahat ay masasabing may magandang epekto sa mga mag-aaral sapagkat kinakailangan rin ng masusing pag-aaral na aangkop sa kakayahan ng mga mag-aaral.

Para naman sa panununtunan sa paghahanda ng PIVOT IDEA Lesson Exemplar na ayon sa *Regional Order No. 10, s. 2020, re: PIVOT 4A Budget of Work in All Learning Areas in Key Stages 1-4.* Sa pamamagitan ng IDEA Lesson Exemplar ay maituturo ang mahahalagang salik upang masiguro ang pagtuturo at pagkatuto sa paaralan. Ang gabay na ito ay naglalayong masuportahan ang mga guro na maisaayos at magkaroon ng kontrol sa kanilang klase at

leksyon upang maging maayos ang paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa kabilang banda, may iba't ibang interaktibong gawain ang ginagamit bilang isang pamamaraan ngunit hindi pa lahat ay masasabing may magandang epekto sa mga mag-aaral sapagkat kinakailangan rin ng masusing pag-aaral na aangkop sa kakayahan ng mga mag-aaral. Malaking pagsubok ang pag-aangkop ng interaktibong gawain sa pagtuturo ng Filipino. Masasabing interaktibo ang isang gawain na may nagaganap na aktibong usapan.

Ang Kabisaan ng paggamit ng IDEA Lesson Exemplar ay tuon sa iba't ibang estratehiya sa interaktibong pagtuturo ng mga guro sa asignaturang Filipino sa pananaliksik na ito ay nailahad ang mga kinailangang estratehiya upang maging interaktibo ang pagtuturo ng mga guro. Nakasalalay sa mabuting pamaraan ng pagtuturo ang matagumpay, kawili-wili at mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral at pagtuturo ng guro. Ngunit walang isang paraan lamang na masasabing sadyang mabisa para sa lahat ng uri ng paksang-aralin o isang pamamaraan na angkop gamitin sa lahat ng pagkakataon. Kaya ang guro ang nagbabalak at nagpapasya sa pamamaraang kanyang gagamitin na angkop sa bunga ng pagkatuto na nais niyang makamtam ng mag-aaral, angkop sa sitwasyon, angkop sa kakayahan ng mga mag-aaral at gayon din ang uri ng paksang-aralin at asignaturang kanyang itinuturo.

Ayon kay Blogger 2017, may iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo ang kinakailangan ng guro upang mas matuto ang mga mag-aaral. Ang pamamaraang pabuod o Inductive Method ay angkop gamitin sa pagtuturo kaugnay ng pagbubuo ng tuntunin o pagkakaroon ng isang paglalahat o generalization. Ang pamamaraang ito, kung minsan ay tinatawag na "Limang Pormal na Hakbang sa Pagtuturo" o "Herbatian Method" sapagkat ipinakilala ito sa larangan ng pagtuturo ni Herbert. Ito ay nagsimula sa nalalaman patungo sa hindi nalalaman. Nagsimula sa mga halimbawa patungo sa tuntunin. Ang pamamaraang ito ay may limang hakbang: paghahanda, paglalahad, paghahambing, paghalaw, paglalahat at paglalapat. Ang pamamaraang pasaklaw ay kabaligtaran ng pamamaraang pabuod. Samantalang ang pamamaraang pabuod ay nagsisimula sa mga halimbawa patungo sa paglalahat o pagbubuo ng tuntunin, ang pamamaraang pasaklaw naman ay nagsisimula sa lahat ng tuntunin patungo sa pagbibigay ng mga halimbawa. May limang hakbang ito: panimula, pagbibigay ng tuntunin o katuturan, pagpapaliwanag ng tuntunin, pagbibigay ng halimbawa at pagsubok. Ang pamaraang patuklas ay isang pamamaraan ng pagtuturo na bukod sa nagdudulot ng kawilihan ay humahamon sa kakayahan ng mga mag-aaral. Ang pamamraang ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na siyang makatuklas ng kaalaman, konsepto, kaisipan, simulain at paglalahat. Ang mga mag-aaral ay aktibong kasangkot sa pagtuklas ng karunungan at hindi lamang tagatanggap ng kung ano-anong mga idinidikta sa kanilang mga kaisipan at kaalaman.

Batay sa aklat ni Salandanan (2012), isa sa Four Pillar of Education ay ang learning by doing na siyang pinakasentro ng Interaktibong gawain. Ang learning by doing ay dapat isalang-alang ng guro mula sa paggawa ng banghay-aralin hanggang sa paggamit nito sa diskusyon ng aralin. Nalilinang ang mga kakayahan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paglahok sa kanila sa mga gawaing pampagkatuto. Sa kabuuang pagkatuto ng kaugnayan sa pagitan ng pagtuturo at pagkatuto, ang may akda ng nagpapakita edukasyong ideya at pagsasanay na suportado ng lubos na batayang kaalaman.

Ayon kay Salandanan, (2001), na sinuri ni Villanueva (2012) ito ay nagtalakay ng modelo at mga estratehiya na nagpapakita sa kabuuang tuoy-tuloy na pagdulog, na sinasaklawan ng abstraksyon. Tinampok nila ang limang pagtuturo-pagkatutong mga

modelo at nagmungkahi ng mga panuntunan para sa kanilang implementasyon, ito ay ang mga sumusunod: (1) Eksperimental na pagkatuto, kung saan batay sa esensyal na hinuha: (a) ang isang indibidwal ay natututo ng mabuto kung siya ay may personal na pakikiisa sa pagkatutong karanasan, (b) ang kaalaman ay dapat tinuklas ng indibidwal sa kanyang sarili kung ito man ay nangangahulugan o nais niyang lumikha ng kakaiba sa kanyang sarili; (c) pagtanggap sa pagkatuto ay pinakamataas kung ang isang tao ay malayang ikilos ang sarili niyang layunin sa pagkatuto at aktibong tinutuloy ito batay sa binigay na balangkas; (2) pagtatanong/pagsiyasat na pagtuturo, ang kabuuang layunin nito ay matulungan ang mag-aaral kung paano magtanong, maghanap ng sagot o solusyon upang ma-satisfy ang mga kuryosidad at lumikha sila ng sariling paglalahat at teorya; (3) konsepto sa pagtuturo, maituturing ito na gusaling pangharang sa pag-iisip ng alinmang asignatura. Ang konsepto ay makatutulong sa pag-uri ng layunin at ideya na nagmula sa tuntunin at prinsipyo. Ang kritikal nitong katangian ay nakatutulong sa pagbibigay – kahulugan ng konsepto at makilala ang mga ito saiba pang resulta ng pagkatuto; (4) Kooperatibong pagkatuto, may layunin itong matanggap at makapagproseso ng bagong impormasyon, matutuhan ang importateng kasanayan at makapagpaunlad ng makabuluhanh kahalagahan sa pamamagitan ng kooperatibong pangkatang paggawa. Ito ay pagtuturo ng modelo na may katangian na natatanging gawaing istruktura at paggawad na sistema; (5) ang Constructivist na pagdulog na nakatuon sa pagbubuo ng kahulugan kung saan pangkalahatang nakaimpluwensiya sa mag-aaral ng nakaraang mga sama-samang karansan at gawain.

## METHODOLOGY

Ang pag-aaral na ito ay tungkol sa Kabisaan ang paggamit ng IDEA Lesson Exemplar sa Interaktibong Pagtuturo ng mga guro sa asignaturang Filipino. Ang piniling respondente ay na mga guro nagtuturo ng asignaturang Filipino mula sa baitang 7 ay apat (4), sa baitang 8 ay apat (4), sa baitang 9 ay apat (4), sa baitang 10 ay lima (4), sa baitang 11 ay apat (4) at sa baitang 12 ay tatlo (4) na may kabuuang bilang na dalawampu't apat (24) na respondente sa Biñan Integrated National High School, Taong Panuruan 2022-2023.

Nangalap ng mga kinailangang datos ang mananaliksik sa pamamagitan ng paggamit ng kwestyuneyr-tseklis na inihanda, partikular sa lebel ng pagganap at kabisaan ng pagganap sa interaktibong pagtuturo sa Asignaturang Filipino. Bago ang aktwal na pangangalap ng datos, ang mananaliksik ay gumawa ng liham-pahintulot na makapagsagawa ng pagsisiyasat mula sa punungguro ng Biñan Integrated National High School. Ang pinal na administrasyon ng kwestyuneyr ay isasagawa matapos ang pagpapatibay ng nasabing liham-pahintulot. Personal namahagi't binawi at muling nilikom ang mga kwestyuneyr-tseklis. Matapos na likumin ang mga datos ay tinuos at itinala ng pahanay sa istatistikal na analisis o pagsusuri sa tulong ng tagapayo at istatistisyan.

## RESULTS

Matapos makolekta ang mga datos, ito ay tinaya at tinabula ng mananaliksik upang mabigyang kahulugan. Base sa resulta, natuklasan ng mananaliksik ang mga sumusunod:

Sa paglalagom ng talahanayan 1, ang kabuuang weighted mean ay 3.55 na may berbal na interpretasyon na ginagamit sa antas ng pagganap na respondentesa IDEA Lesson Exemplar sa pagtuturo ng Asignaturang Filipino maliwanag lamang na naipakita sa resulta ng talatanungan na gumagamit ang mga guro ng iba't ibang estratehiya upang maganyak ang mga mag-aral sa kanilang paksang – aralin. Pinapakita rin nito na ang guro ay kumikilala ng kahalagahan ng paggamit ng iba't ibang mabibisang estratehiya sa pagtuturo upang matuto ang mga mag-aaral.

Natuklasan sa pananaliksik na ito, at sinuportahan ng pag-aaral ni Vijayalakshmi (2009) na ang kahalagahan ng palaging paghahanap ng isang paraan ng isang guro upang mapataas ang antas ng kanyang pagtuturo, sa huling bahagi ng nabanggit na pahayag ay binibigyang-diin na ang

kasalukuyang panahon ay humihingi sa bawat guro na gumagamit at ginugugol ng panahon nang sa gayon ay makadiskubre at mapalawig ang mga napapanahong kasangkapan at estratehiya sa pagtuturo.

Sa paglalagom ng talahanayan 2, ang kabuuang weighted mean ay 3.66 na may berbal na interpretasyon na ginagamit Kabisaan ng Paggamit ng IDEA Lesson Exemplar sa interaktibong Pagtuturo ng Asignaturang Filipino.

Maliwanag lamang na naipakita sa resulta ng talatanungan na gumagamit ang mga guro ng iba't ibang estratehiya upang maganyak ang mga mag-aral sa kanilang paksang –aralin. Pinapakita rin nito na ang guro ay kumikilala ng kahalagahan ng paggamit ng iba't ibang mabibisang estratehiya sa pagtuturo upang matuto ang mga mag-aaral.

Natuklasan sa pananaliksik na ito, at sinuportahan memorandum na inilabas na Deped Order no. 42,s 2016 na nakasalalay sa mabuting pamaraan ng pagtuturo ang matagumpay, kawili-wili at mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral at pagtuturo ng guro. Ngunit walang isang paraan lamang na masasabing sadyang mabisa para sa lahat ng uri ng paksang-aralin o isang pamamaraan na angkop gamitin sa lahat ng pagkakataon. Kaya ang guro ang nagbabalak at nagpapasya sa pamamaraang kanyang gagamitin na angkop sa bunga ng pagkatuto na nais niyang makamtam ng mag-aaral, angkop sa sitwasyon, angkop sa kakayahan ng mga mag-aaral at gayon din ang uri ng paksang-aralin at asignaturang kanyang itinuturo.

Sa aklat nina Villafuerte at Bernales (2008) na may pamagat na "Pagtuturo ng sa Filipino: Mga Teoryang at Praktika." Nagtataglay ng tatlong sulok ang aklat na kumakatawan sa una, sa mga guro, pangalawa ang mag-aaral, pangatlo ayestratehiya paraan/pagdulog na gagamitin sa pagtuturo.

Batay sa talahayanayan, may makabuluhang kaugnayan ang antas ng pagganap at kabisaan ang paggamit ng IDEA Lesson Exemplar sa Interaktibong Pagtuturo ng mga guro sa asignaturang Filipino. Ang probability value 0.001 at may interpretasyon na Significant.

**DISCUSSION**

Para naman sa panununtunan sa paghahanda ng PIVOT IDEA Lesson Exemplar na ayon sa *Regional Order No. 10, s. 2020, re: PIVOT 4A Budget of Work in All Learning Areas in Key Stages 1-4.* Sa pamamagitan ng IDEA Lesson Exemplar ay maituturo ang mahahalagang salik upang masiguro ang pagtuturo at pagkatuto sa paaralan. Ang gabay na ito ay naglalayong masuportahan ang mga guro na maisaayos at magkaroon ng kontrol sa kanilang klase at leksyon upang maging maayos ang paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa kabilang banda, may iba't ibang interaktibong gawain ang ginagamit bilang isang pamamaraan ngunit hindi pa lahat ay masasabing may magandang epekto sa mga mag-aaral sapagkat kinakailangan rin ng masusing pag-aaral na aangkop sa kakayahan ng mga mag-aaral. Malaking pagsubok ang pag-aangkop ng interaktibong gawain sa pagtuturo ng Filipino. Masasabing interaktibo ang isang gawain na may nagaganap na aktibong usapan.

Ang Kabisaan ng paggamit ng IDEA Lesson Exemplar ay tuon sa iba't ibang estratehiya sa interaktibong pagtuturo ng mga guro sa asignaturang Filipino sa pananaliksik na ito ay nailahad ang mga kinailangang estratehiya upang maging interaktibo ang pagtuturo ng mga guro. Nakasalalay sa mabuting pamaraan ng pagtuturo ang matagumpay, kawili-wili at mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral at pagtuturo ng guro. Ngunit walang isang paraan lamang na masasabing sadyang mabisa para sa lahat ng uri ng paksang-aralin o isang pamamaraan na angkop gamitin sa lahat ng pagkakataon. Kaya ang guro ang nagbabalak at nagpapasya sa pamamaraang kanyang gagamitin na angkop sa bunga ng pagkatuto na nais niyang makamtam ng mag-aaral, angkop sa sitwasyon, angkop sa kakayahan ng mga mag-aaral at gayon din ang uri ng paksang-aralin at asignaturang kanyang itinuturo.

Sa kabilang banda, may iba't ibang interaktibong gawain ang ginagamit bilang

isang pamamaraan ngunit hindi pa lahat ay masasabing may magandang epekto sa mga mag-aaral sapagkat kinakailangan din ng masusing pag-aaral na aangkop sa kakayahan ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay nakasentro sa Kabisaan ang paggamit ng IDEA Lesson Exemplar sa Interaktibong Pagtuturo ng mga guro sa asignaturang Filipino sa Biñan Integrated National High School.

Makakatutulong na gumamit iba't ibang estratehiya sa mga mag-aaral upang magkaroon nang interes, hilig, sipag at positibong pananaw sa pag-aaral ng asignaturang Filipino. Pangalawa, paggamit ng iba't ibang estratehiya na may aplikasyon sa paggamit ng Information Communication Technologies (ICTs) upang maging interaktibo ang pagtuturo, makapagbibigay ng gabay at suporta sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa bagong umiiral na kurikulum. Pangatlo, maaaring magplano ng iba't ibang interaktibong gawain ang mga ulongguro o koordineytor ng paaralan at dapat na isaalang-alang ang mga aktibiti na makakatulong sa mga mag-aaral upang lalo pang mapaunlad ang pag-aaral ng asignaturang Filipino.

**ACKNOWLEDGEMENTS**

Bago ang lahat, nais ko munang iparating ang aking taos-pusong pasasalamat sa Panginoon. Sa araw-araw na paggabay, hindi ko rin matatapos ang Aksyong-Pananaliksik na ito kung hindi dahil sa Iyo.

Ang pagkumpleto ng Aksyong – Pananaliksik na ito ay naging posible dahil sa hindi mabilang na suporta. Dahil dito, gusto kong iparating ang aking pasasalamat sa mga sumusunod na mga tao na handang mag-alay ng kanilang pagsisikap, oras at suporta. Ang kanilang kaalaman at kahusayan ay nagsilbing inspirasyon sa akin upang matapos ko ang pag-aaral na ito.

Para kay Oliver P. Caliwag, punungguro II BINHS para sa kaniyang walang sawang suporta upang makumpleto ang aksyon – pananaliksik na ito.

Para kay Ana Maria C. De Guzman, ang aming tagapayo, sa kanyang gabay, kahusayang prospesyonal, pagtulong at pagbibigay ng lakas at pag-asa upang matapos ang aksyon – pananaliksik na ito.

Para kay Arlene D. Candelaria, tagapayo sa Estatistika, dahil sa kanyang kabutihan at sa kanyang kontribusyon sa mga tuntunin ng istatistikal na aspeto.

Para kina Violeta P. Fernandez, Mervin M. Reyes at Luzviminda A. Parilla sa panahon at pagsisikap na inyong inialay para maitama ang mga gramatikal pagkakamali upang maging posible ang pananaliksik na ito.

Sa Departamento ng Filipino para sa kanilang suporta at pagtulong na sagutan ang sarbey-kwestyoneyr sa aksyon – pananaliksik

Sa lahat ng guro sa Binan Integtrated National High School para sa kanilang suporta at pagtulong sa aksyon – pananaliksik.

Para sa mga hindi ko nabanggit, maraming salamat sa inyong lahat.

**REFERENCES**

*perpormans ng mga mag-aaral ng baitang 9. Taong Panuruan: 2016 – 2017, Laguna: Saint Michael's College of Laguna*

Adeza, A. et. al (2012), Pananaw ng mga mag-aaral ng unang taon sa Sekondarya sa pamamaraan ng guro sa pagtuturo at sa mga gawain sa Filipino sa ilalim ng Dynamic Learning Program ng Saint Michael's College of Laguna

Espiritu, C et. al. (2006). Pananaliksik, Isang Primer. Manila. Rex Book Store.

Adoptante, et.al. (2019). Paraan ng pagtuturo ng mga guro: Epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral ng Philippine Christian University (PCU).

Salandanan, G. (2012). Methods of Teaching, 2nd Revised Edition, Quezon City: Lorimar Publishing, Inc.

Salandanan, Gloria G. (2012). Teaching and the Teacher, Quezon City: Lorimar Publishing, Inc.

DO 42, s. 2016 – Policy Guidelines on Daily Lesson Preparation for the K to 12

Basic Education Program | Department of Education (deped.gov.ph)

Preparation of lesson exemplars anchored on i-d-e-a (introduction-development-engagement-assimilation/assessment) approach – department of education (depedrizal.ph), ask.com

Ang Pagtuturo NG Asignaturang Filipino | PDF (scribd.com)



**Address**: P. Burgos St., Brgy. Sto. Domingo, Biñan City, Laguna
**Contact Nos.**: (049) 547-0105 / (+63) 939-510-8779
**Email Address**: deped.binancity@deped.gov.ph
**Website**: depedbinan.com